REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

Hulyo 1, 1998

*Office of the Secretary*

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 285, s. 1998

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA '98

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa '98 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31. Ito ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang ay "Wikang Filipino: Tugon sa Ika-21 Siglo."

2. Ang isang buwang pagdiriwang ay hinati sa sumusunod na mga paksa para sa bawat linggo:

| | |
|---|---|
| Agosto 1-7 | Wikang Filipino: Susi sa Pagtatamo ng Mataas na Uri ng Edukasyon |
| Agosto 8-15 | Wikang Filipino: Kasangkapan sa Pag-angat at Pagsulong ng Kabuhayan Ng Masa |
| Agosto 16-21 | Wikang Filipino: Tugon sa Hamon ng Makabagong Industriyalisasyon |
| Agosto 22-28 | Wikang Filipino: Daluyan ng Pandaigdigang Impormasyon |
| Agosto 29-31 | Wikang Filipino: Buklod ng Sangkapilipinuhan |

3. Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

*Andrew Gonzalez*
DR. ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

E-Mail Address:
OSEC @SKYINET.NET

"Quality Education Towards Philippines 2000"

Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran: Blg. 228, s. 1997

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
OFFICIALS
STUDENTS
TEACHERS

MALACAÑANG
MANILA

# ATAS NG PANGULO NG PILIPINAS

## PROKLAMASYON BLG. 1041

## NAGPAPAHAYAG NG TAUNANG PAGDIRIWANG TUWING AGOSTO 1-31 BILANG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

**SAPAGKAT,** ang pagpapahalaga sa isang katutubong wikang pambansa ay pinatunayan ng pagkakaroon ng kaukulang probisyon sa Saligang-Batas ng 1898, 1935, 1973, at 1987;

**SAPAGKAT,** ang isang katutubong wikang panlahat ay mahalagang kasangkapan sa komunikasyon, unawaan, kaisahan at kaunlaran ng bansa;

**SAPAGKAT,** ang katutubong wikang nagsisilbing batayan ng nililinang, pinauunlad at pinagyayaman pang wikang pambansang Filipino ayon sa itinatakda ng Saligang-Batas ng 1987, ay gumanap ng mahalagang tungkulin sa Himagsikan ng 1896 tungo sa pagkakamit ng Kasarinlan na ang Ika-100 Taon ay kasalukuyang ipinagdiriwang at ginugunita ng sambayanang Pilipino;

**SAPAGKAT,** ang dating Pangulong Manuel Luis Quezon, ang itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa, ay isinilang noong Agosto 19, 1878;

**DAHIL DITO, AKO,** si **FIDEL V. RAMOS**, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, ay nagpapahayag ng taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa, sa pangunguna ng mga pinuno at kawani sa sektor ng pamahalaan, mga pinuno at guro sa sektor ng edukasyon, mga kinatawan ng pakikipagugnayang pangmadla, mga pinuno at miyembro ng iba't ibang organisasyong pangwika, pang-edukasyon, pangkultura at sibiko, at mga organisasyong di-pampamahalaan.

**BILANG KATUNAYAN,** lumagda ako rito at ipinakintal ang talak ng Republika ng Pilipinas.

**GINAWA** sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-15 ng Hulyo, sa taon ng Ating Panginoon, Labinsiyam na Raan at Siyamnapu't Pito.

Akda ng Pangulo:

**RUBEN D. TORRES**
Kalihim Tagapagpaganap

IN REPLYING, PLEASE CITE:
PFVR Letter # L871057

CERTIFIED COPY.
AURORA T. AQUINO
DIRECTOR IV
10/1/97

057

## PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN

# BUWAN NG WIKANG PAMBANSA '98

**Agosto 1-7 Wikang Filipino: Susi sa Pagtatamo ng Mataas na Uri ng Edukasyon**

1. Pagdaraos ng seminar-worksyap para sa mga guro na tumatalakay sa pinakabago at epektibong lapit sa pagtuturo na ang wikang gamit sa talakayan ay Filipino.

2. Pagdaraos ng dayalog sa pangunguna ng mga opisyal ng paaralan at ng mga opisyal ng barangay/munisipalidad/lungsod para sa pagtutulungan upang mailayo ang mga estudyante sa masasamang bisyo na ang gagamiting wika ng talakayan ay Filipino.

3. Pagdaraos ng patimpalak sa pagsulat ng sanaysay batay sa paksa sa linggong ito.

4. Paggamit ng Filipino sa mga korespondensya ng paaralan.

5. Pagdaraos ng paligsahan sa pag-aayos ng silid-aralan na naghahatid ng mensahe tungkol sa paksa sa buwan ng wika.

**Agosto 8-15 Wikang Filipino: Kasangkapan sa Pag-angat at Pagsulong ng Kabuhayan ng Masa**

1. Interbyu sa mga kilalang negosyante kung paano sila nagtagumpay sa negosyong itinayo nila na Filipino ang wikang gamit.

2. Pagpapalabas ng isang pelikulang dokumentaryo na nagpapakita ng pag-unlad ng bansa sa larangan ng ekonomiya na Filipino ang gamit sa pagpapaliwanag.

3. Pagpapasulat ng mga kathang pormal at di pormal tungkol sa paksa.

4. Pagtatanghal ng isang dula-dulaan na nagpapakita ng kaibahan ng pamumuhay noon at ngayon.

5. Paghahanda ng mga islogan na may kaugnayan sa paksa.

**Agosto 15-21 Wikang Filipino: Tugon sa Hamon ng Makabagong Industriyalisasyon**

1. Pagdaraos ng patimpalak sa pagsasalin sa Filipino ng mga katawagang teknikal.

2. Pagsasaliksik ng mga pangunahing maunlad na industriya ng bawat rehiyon na ang gagamiting midyum ay Filipino.

3. Pagdaraos ng patimpalak sa paggawa ng poster na naglalarawan ng industriyalisadong Pilipinas sa ika-21 siglo.

4. Pagsasatao ng ugnayan ng mga bansa sa makabagong panahon, halimbawa, ng mga bansa sa Asya at Europa.

5. Pagdaraos ng debate sa maganda at di magandang epekto ng industriyalisasyon sa pamumuhay.

**Agosto 22-28 Wikang Filipino: Daluyan ng Pandaigdigang Impormasyon**

1. Pagsasalin sa Filipino ng mga kagamitang pang-impormasyon.

2. Pagtatanghal ng mga poster na naglalarawan sa paksang-diwa.

3. Pagdaraos ng talakayan kung paanong ang Filipino ay magagamit sa komunikasyon sa cyberspace.

4. Pagsasalin sa Filipino ng mga diskursong pantelekomunikasyon (halimbawa: mensahe sa telepono—tulad ng "*If you know the local number you are calling, dial it now,*" at iba pa; transaksyon sa ATM machines, at iba pa).

**Agosto 29-31 Wikang Filipino: Buklod ng Sangkapilipinuhan**

1. Pagdaraos ng palatuntunan na nagpapakita ng iba't ibang kaugalian, kasuotan, paraan ng pamumuhay ng bawat rehiyon.

2. Pag-uulat ng iba't ibang gawaing ipinalabas ng katatapos na pagdiriwang ng Sentenyal ng Kalayaan.

3. Pagdaraos ng patimpalak para sa pinakaangkop na salin sa Filipino ng mga etnikong awitin sa bansa.